**Hudas ka ba? Mag-ingat sa Hudas na Pag-iisip**
**A Lord's Flock General Assembly Topic**
**Sis.Techie Rodriguez, TLF Elder-Founder**
**June 13, 2020**

Sa huling hapunan, naghanda si Hesus para sa pag-alis Niya pabalik sa Ama. Hinugasan Niya ang mga paa ng mga alagad na nagpapahiwatig ng kanilang ugnayan, makapagbigay ng magandang ehemplo, at higit sa lahat para malinisan sila. Alam Niya na hindi malinis ang lahat, at isa sa kanila ang magkakanulo sa Kanya (Jn 13). Nahulog pa sa bitag ng masamang impluwensya ni satanas si Hudas na alagad ni Hesus ng tatlong taon dahil pinagkanulo niya si Hesus (Jn 13: 21-30). Bilang Kristiyano, kabilang tayo sa mga nahuhulog sa masasamang impluwensya ni satanas; maraming damong tumubo sa puso natin na umagaw sa Salita ng Diyos (Mt. 13:19-23). Kailangang magbantay tayo, at pabayaang ang Salita ng Diyos ang maglilinis sa atin sa masasamang impluwensya; mag-ingat tayo sa Hudas na pag-iisip.

1. **Masama ang itinanim ng demonyo sa isipan ni Hudas.**

- Kagaya ni Hudas, tumatalikod din tayo sa Diyos, maski nakapangako na tayo sa Kanya (1Cor 10: 12).
- Kapag kinaligtaan natin ang pagbabasa ng Kanyang Salita, parang pinabayaan na rin nating maapektuhan ang buhay natin ng masasamang impluwensya ng mundo. Kapag hindi na tayo nakapagdarasal sa takdang oras, unti-unti na ring lumalamig ang ating pagmamahal kay Hesus. Magmasid tayo at magdasal (Mt. 26:40). Panatilihin ang ugnayan kay Hesus sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na paglilinis sa espirituwal na buhay natin.

2. **Pinayagan ni Hudas na mapalitan ang pagmamahal niya sa Diyos sa pagmamahal niya sa mundo (2 Cor. 4).**

- Inakit tayo ni satanas sa mga makamundong bagay. Banayad siyang kumilos, at iba't iba ang kanyang mga pamamaraan para matukso tayo sa pitak ng laman.
- Pero, hindi sa Diyos galing ang lahat na nandito sa mundo; lilipas lahat ang mga ito, pero ang Salita ng Diyos ang mananatili sa atin (1 Jn2:15).

**3.Napalitan ang pagmamahal niya sa Diyos sa mga makamundong bagay.**

- Ang pag-ibig sa salapi ay siyang ugat ng lahat ng kasamaan (1Tim 6:17).
- Sabihin sa mayayaman na huwag magmataas. Turuan mo silang gumawa ng mabuti, magpakayaman sa mabubuting gawa, maging bukas palad at matulungin sa kapwa, at sa ganitong paraan makapag-iimpok para sa hinaharap at magkakamit ng tunay na buhay (1Tim 6:17-19).

**4.Seguridad niya ang pera sa kabang-yamang.**

- Tiwala si Hudas sa kanyang yaman; gusto pa niyang magkaroon ng mas marami pa.
- Kulang ang pera para sa pagkain ng 5, 000, pero isang himala ng Diyos na napakain silang lahat.
- Magtiwala sa Diyos, hindi sa pera natin sa bangko.

**5.Nahumaling siya sa pera.**

- Mas gusto niyang madagdagan ang kanyang yaman kaysa makasama si Hesus.
- Noong ibinuhos ni Maria ang mamahaling pabango sa mga paa ni Hesus, nabalisa si Hudas, dapat ipinagbili ang pabango at ibinigay sa mga dukha ang pinagbilhan. Ngunit gusto niyang mapasakanya ang pera (Jn 12:4-8).

**6.Nakatuon ang paningin niya sa pera at sa mga makamundong bagay.**

Isang malaking biyaya kung maayos ang paghawak sa pera. Ngunit, kung sakim tayo sa pera, nagiging makasarili at tiwali tayo na nagdudulot ng sumpa.

**7.Inisip ni Hudas na sayang ang ibinuhos na pabango sa mga paa ni Hesus.**

- Tinitingnan niya ang halaga ng pabango; samantalang, gustong ipakita ni Maria ang labis niyang pagmamahal kay Hesus .
- Nakatala magpakailanman sa langit ang ating taimtim na pagsamba, pagdakila, tuwa at pagmamahal sa Kanya.
- Gagantimpalaan Niya ang matapat na katiwala ng buhay na walang hanggan (Mt. 25:21).

Unang tumalikod si Hudas kay Hesus. Ngunit, sa ngayon, marami ang nagkakaroon ng Hudas na pag-iisip, at ipinagpapalit ang pangako sa Diyos ng makamundong mga bagay. Isipin at sundin natin ang mga maka-Diyos na gawain.

**Pagninilay:**

- Gaano natin kamahal si Hesus? Paano mo mapatutunayan ang pagmamahal mo sa Kanya?
- Tatalikuran mo ba Siya kung hindi niya ibinibigay ang mga hinihingi mo?
- Hanggang saan ang kaya mong ibigay sa Diyos?

**Isinalin ni:Sis. Nida Cruz**
**Na-edit ni: Sis Vera I. Tuplano**
**Inisponsoran ni: Sis Vera I. Tuplano**